

Ang Paggamit ng Inklusibong Wika sa Filipino tungo sa Pagtamo ng Inklusibong Edukasyon



Jane K. Lartec, Sheila D. Dotimas,
Carren Mae R. Maraño, Mary Ann P. Pitas,
Jonabeth L. Polido at Kristine L. Senio
Saint Louis University, Baguio City

Si **Lartec** ay kasalukuyang Kawaksing Dekana ng School of Teacher Education ng Saint Louis University, Baguio City. Nagsilbi rin siya bilang Graduate Program Coordinator at Tagapangulo ng Kagawaran ng Filipino. Aktibo rin siyang opisyal at kasapi ng mga samahang pangwika tulad ng Philippine Association for Language Teaching (PALT), Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) at Wika ng Kultura at Agham, Ink (WIKA). Si **Dotimas** ay Propesor sa Antas Gradwado at Di-Gradwado sa Saint Louis University, Baguio City. Sinusulat niya ang kanyang disertasyon para sa kursong PhD in Language Education. Sina **Maraño, Pitas, Polido** at **Senio** ay mga mag-aaral ng Filipino sa School of Teacher Education, Saint Louis University.

Abstrak

Ang inklusibong edukasyon ay tumutukoy sa kagustuhang malampanan ang mga hadlang sa partisipasyon at pagkatuto ng lahat ng mga mag-aaral sa paaralan- anumang kanilang wika, politikal na paninindigan o uring kinabibilangan. Upang matamo ito, mahalaga ang papel na ginagampanan ng inklusibong wika. Kung kaya, layon ng pag-aaral na suriin ang paggamit ng inklusibong wika sa Filipino ng mga guro sa Paaralan ng Edukasyong Pangguro ng Saint Louis University, Baguio City. Ginamit ang deskriptibong pamamaraan upang makuha ang mga datos mula sa labing-anim na respondente. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng mga guro ng inklusibong wika sa Filipino ay kalimitang ukol sa mga katawagan sa kapansanang pisikal at mental. Natuklasan ding nangungunang salik ang ugnayan ng wika at kultura sa paggamit ng inklusibong wika tungo sa pagpapatupad ng inklusibong edukasyon. Sa huli, ang mga mungkahing pamantayan mula sa mga guro ay nagbibigay ng pansin sa lahat ng domeyn ng holistikong pagkatuto gaya ng pagkakaroon ng kaalaman, pagpapahalaga at pagsasagawa. Samakatwid, kailangang bigyang-pansin ang ugnayan ng wika at edukasyon sa pagtamo ng inklusibong edukasyon sa lahat ng aspekto at larangan.

Mga Susing Salita

inklusibong wika, inklusibong edukasyon, inklusibong wika sa Filipino, mga salik sa inklusibong wika



HASAAN

Introduksyon

Ang inklusyon ay isang gawaing edukasyunal na nagpapanukalang lahat ng mga mag-aaral ay may pantay na pagkakataon at karapatang mabigyan ng kaukulang edukasyon anuman ang kanilang kalagayan - walang kapansanan o may kapansanan man. Kailangan silang maging bahagi sa pangkalahatang edukasyong nakabatay sa kanilang kakayahan at hindi sa kapansanan (Al Zyoudi 4, Forlin 235-45). Kaugnay ito ng pundamental na karapatan ng mag-aaral na makilahok sa anumang gawaing pampagkatuto (Ulep 6-15).

Maiuugnay ang inklusibong edukasyon sa kagustuhang malampasan ang mga hadlang na nakasasagabal sa partisipasyon at pagkatuto ng lahat ng mga bata, anuman ang kanilang lahi, kasarian, kaligirang sosyal, kapansanan at antas ng pagkatuto sa mga paaralan (Booth at Ainscow 3- 10). Ito ay isang programang nakatuon sa pagtanggap sa lahat ng uri ng indibidwal upang malinang ang magandang samahan ayon sa natatanging katangiang taglay ng bawat isa (UNESCO 1-6). Hangarin nito ang interaksyon sa pagitan ng iba't ibang kultura, tradisyon, kasarian, relihiyon, antas sa buhay at iba pa. Layunin din nitong magkaroon ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon upang mas maging angkop ang pagtuturo sa sinumang nais matuto. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa kasalukuyang estratehiya at mga programang tumutugon sa hindi pagkakapantay-pantay, pagkakaroon ng ugnayan at integrasyon ng mga pagdulog, gayundin ang mga pandaigdigang balangkas ng iba't ibang mga ahensiya upang maipalaganap ang adbokasiya, kaalaman, pagbibigay ng teknikal na tulong at pagpapakilala sa pangunahing prinsipyo at pangangailangan ng inklusibong edukasyon.

Ang inklusibong edukasyon ay tumutukoy rin sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatutong akademiko at pangkomunidad (Barton 3-4), sa proseso ng paghahanap ng mga kasagutan sa mga problema o pangangailangan ng bawat isa at sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang mas umangat ang partisipasyon sa pagkatuto at mabawasan ang diskriminasyon sa edukasyon (Booth at Ainscow 3-10).

Ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng asimilasyon at akomodasyong naaayon sa kanilang kakayahan, kalakasan at kahinaan (sipi nina Corpuz at Lucas kay Piaget 8). Kahit na sila ay may iba't ibang wika, kultura, pamumuhay, kawilihan at paraan ng pagkatuto ay kailangan nila ng kakayahang makisalamuha sa kanilang kapwa (sipi ni Ketley kay Dewey 1). Sa gayon, nagkakaroon ng kapaki-pakinabang na pagkatuto.

Naging prayoridad ang inklusibong edukasyon sa mga usaping pang-edukasyon sa maraming bansa tulad ng Pilipinas, India, USA, Canada, United Kingdom at Australia (Angelides 317-327) na makikita sa pagtatag ng mga polisiyang pang-edukasyon at sa pagsasabatas ng mga ito (Sharma, Forlin, at Loreman 773-774).

Upang maging matagumpay ang implementasyon ng inklusyon, mahalagang bigyang pansin ang pagpapahalaga mula sa mga tagapagtaguyod nito tulad ng pamahalaan, institusyong pangguro, mga paaralan, mga guro at mga komunidad. Sa kaso ang mga guro, mahalaga ang kanilang pagpapahalaga, pananaw at aktitud sa tagumpay ng inklusibong edukasyon dahil nakaaapekto ito sa kanilang pagpapahusay sa implementasyon nito (Avramidis at Norwich 130). Sa gayon, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga institusyong pangguro sa pagkakaroon ng positibong aktitud at kasanayan sa pagpapatupad ng inklusyon dahil sila ang magsasanay sa mga magiging guro sa kinabukasan (Sharma et.al. 80-84).

Nakapokus din ang inklusibong edukasyon sa pag-unlad ng kultura, polisiya, mga gawain sa sistemang pang-edukasyon, at mga institusyong pang-edukasyon upang mabigyang pansin ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga mag-aaral at ang pagtrato sa kanila nang pantay-pantay (Booth at Dyssegaard 6-10). Dahil dito, mahalaga ang tungkulin ng mga guro sa paglikha ng kapaligirang makabuluhan sa pagkatuto ng mga mag-aaral kung saan nararamdaman ang tunay na inklusyon. Nagbubunga ito ng pagsusulong sa iba't ibang estilo ng pagtuturo upang maging mas epektibo ang pagkatuto para sa lahat ng uri ng mag-aaral. Kung kaya nasa ubod ng inklusyon ang konsepto ng pagkapantay-pantay. Kaugnay nito, wika ang pinakamahalagang kasangkapang ginagamit sa pagpapaunawa ng mga impormasyon sa mga mag-aaral kaya nararapat ding maging inklusibo ang wikang ginagamit ng mga guro.

Matagal nang usapin sa edukasyon ang pinakamabisang wika sa pagkatuto ngunit hindi rin maikakailang ang wika pa minsan ang nagiging sagka sa pagkakamit nito. Ang paggamit ng inklusibong wika ay nakatutulong sa pagpapalawak ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Dahil dito, maaari silang makalikha ng bagong kaalamang magagamit nila sa paglutas ng mga suliranin sa kanilang pagkatuto.

Mababakas sa ilang pag-aaral ang iba't ibang larang na nakaugnay sa paggamit ng inklusibong wika. Isa rito ang tungkol sa epekto ng kasarian sa wikang pangkasarian nina Parks at Robertson (233-239) na nagpapakitang

HASAAN

higit na mas maraming babae ang gumagamit ng inklusibong wika. Binanggit din ni Nixon (246-250) na kailangang muling maibalik sa mga pamantasan ang pangmasa at inklusibong wika sa edukasyon na nagpapakita ng moralidad at layuning pang-akademya.

Isang malaking hamon ng inklusibong wika ang pagpapalawak at pagpapayaman pa sa ating mga talasalitaan. Magagawa lamang ito kung maging bukas tayo sa mga pagbabagong nagaganap sa ating kapaligiran (Thorsen at Becker 1-10) upang mabuo ang inklusibong wika na hindi gumamit ng mga salitang nagdidiskrimina at lumilintang ng konsepto ng *stereotyping*. Samakatuwid, ang inklusibong wika ay may kaugnayan sa konsensiya dahil ang mga salitang pinipili natin ay may malaking epekto kung paano natin pakikitunguhan ang isang tao nang may respeto.

Ang kagustuhan natin sa paggamit ng mas inklusibong wika ay nakatutulong sa atin na maging mulat hindi lamang sa ating kasarian kundi pati sa ating lahi, antas ng buhay, pagkamamamayan, edad, uri at kalagayan sa buhay at lahat ng ating pagkiling sa mga bagay-bagay (Handesty 14-16).

Ang wikang Filipino bilang isang wikang buhay ay hindi maikakailang kasangkot sa usapin ng inklusibong wika. Mas maraming mga katawagan ang masasabing inklusibo lalo na sa paggamit ng panghalip gaya ng “siya”, di tulad sa Ingles na lantarang makikita ang panlalaking “he” at pambabaeng “she.” Ilang pang halimbawa ay ang katawagan sa mga propesyon. Sa wikang Ingles kung ang tinukoy ay bombero ay tinutumbasann ng “fireman” at “firewoman”, ang salitang pulis ay “policeman” at “policewoman” o sa mga salitang “mankind” (sangkatauhan), “manpower” (manggagawa), “chairman” (namumuno/pinuno), “actress/actor” (gumaganap), “waitress/waiter” (tagapagsilbi). Gayunpaman, marami ring mga salitang diskriminatibo lalo na sa mga aspektong may kaugnayan sa kapansanan o kakulangan. Ilang halimbawa nito ay ang lantarang pagbanggit sa kapansanan ng indibidwal tulad ng “bulag”, “pipi”, “bingi”, “bobo”, “tanga”, at iba pa na nakakasakit sa damdamin.

Ang Filipino ay isang katutubong wika na nililintang mula sa panghihiram ng mga wikang katutubo at di-katutubo sa bansa (Garcia et al. 44). Bukas ito sa pagtanggap sa mga paraan ng pagpapahayag na mula sa iba’t ibang rehiyon. Sa pamamagitan ng pagpapayaman ng korpus ng ating wika ay mapapaigting itong kabahagi sa lahat sa larangan ng pagkatuto at sa pagsusulong sa mga pagbabago sa isang lipunang mapanghusga.

Mapapansin sa mga inilahad na kaugnay na literatura na wala pang pag-

aaral na hinggil sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino. Bilang panimulang pagsusuri sa paggamit ng inklusibong wika, bibigyang-pansin ng papel ang paggamit ng mga guro ng inklusibong wika na magsisilbing pundasyon sa paggawa ng mga pamantayan at lalong pagpapalawak sa kaalaman ng konsepto ng inklusibong edukasyon.

Layunin ng pag-aaral na suriin ang paggamit ng inklusibong wika sa Filipino ng mga guro; ihanay ang mga salik sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino; at makabuo ng mga mungkahing pamantayang gagamitin sa pagpapatupad ng inklusibong wika sa Filipino tungo sa pagtatamo ng inklusibong edukasyon.

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik. Ginamit ang deskriptibong pamamaraan sa pananaliksik upang matalakay ang paglalarawan sa mga uri ng inklusibong wika sa Filipino na ginagamit ng mga guro gayundin ang mga salik na nakaapekto sa kanilang paggamit ng inklusibong wika.

Lugar at Respondente. Isinagawa ang pananaliksik sa Paaralan ng Edukasyong Pangguro ng Saint Louis University, Baguio City. Ang Saint Louis University lamang ang pamantasang may opisina ng *Institute of Inclusive Education* sa buong Pilipinas na ang adbokasiya ay tungo sa pagpapalaganap ng inklusibong edukasyon. Gayundin, kasama ang kursong *Inclusive Education* bilang isa sa mga asignatura ng mga mag-aaral sa kursong Edukasyon. Dahil dito, gumagawa ang paaralan ng mga pamamaraan upang lalong maisakatuparan ang pagkakaroon ng inklusibong edukasyon. Bahagi nito ang pagkakaroon ng mga guro ng mabuting pananaw, pilosopiya at adbokasiya tungkol sa inklusibong edukasyon.

Kalahok sa pananaliksik ang labing-anim na mga guro sa Paaralan ng Edukasyong Pangguro. Sila ang napiling respondente dahil sila ang nakaaalam sa pilosopiya ng inklusibong edukasyon. Bahagi ito ng kanilang oryentasyon sa bawat semestre. Mayroon ding mga serye ng taunang pagsasanay na ibinibigay sa mga guro ng Paaralan ng Edukasyong Pangguro mula sa Institute of Inclusive Education. Bilang mga guro rin sa syudad ng Baguio na tinaguriang ‘melting pot’ ng Norte, nalalantad sila sa iba’t ibang uri ng mga mag-aaral. Malaking bahagdan ng mga mag-aaral ang mga taga-Cordillera. Mayroon ring mga galing sa kalapit na mga probinsya tulad ng La Union, Pangasinan, rehiyong Ilocos, Pampanga, kasama na rin ang mga dayuhan tulad ng mga Koreano, Amerikano, Indonesian at iba pa. Ang pagkakaiba-iba ay lalong magbibigay ng kabuluhan sa pagpapaigting ng paggamit ng inklusibong wika upang maiwasan ang

HASAAN

diskriminasyon sa pagitan ng mga mag-aaral. Hindi lamang ang mga mag-aaral ang nanggaling sa iba-ibang lugar kundi pati rin ang mga guro.

Kasangkapan sa Pangangalap ng Datos. Nangalap ng mga datos gamit ang pakikipanayam at mga talatanungan. Sa bahagi ng panayam, naging pokus ng mga tanong ang mga paksang may kaugnayan sa paggamit ng mga guro ng inklusibong wika sa Filipino, gayundin ang paraan at dalas ng kanilang gamit nito. Hinalaw ang mga mahahalagang ideya at mga konsepto mula sa pamantayan sa inklusibong wika na ginamit ng Kagawaran ng Edukasyon ng Tasmania (1-10). Nahahati sa dalawang mahahalagang bahagi ang talatanungan. Ang unang bahagi ay binubuo ng 20 aytem na tumitiyak sa mga salik na nakaapekto sa paggamit ng inklusibong wika ng mga guro. Iniantas nila ito ayon sa apat na iskala: 4 – Lubos na Lubos na Nakaaapekto, 3 – Lubos na Nakaaapekto, 2 – Bahagyang Nakaaapekto at 1 – Hindi Nakaaapekto. Ang ikalawang bahagi naman ay ukol sa nabuong mungkahing pamantayan para sa pagtamo ng inklusibong edukasyon batay sa mga tugon ng mga respondente.

Isinagawa ang validity test sa mga gurong nagtuturo ng inklusibong edukasyon na may kaalaman sa wikang Filipino at ang reliability test ay isinagawa ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa pamantasan na nakapagturo na sa Paaralan ng Edukasyong Pangguro. Ang huli ay may mataas na resultang 0.91 ayon sa Chronbach Alpha.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos. Upang makakalap ng impormasyon, humingi ang mga mananaliksik ng pahintulot mula sa Dekana ng Paaralan ng Edukasyong Pangguro. Bago isinagawa ang pakikipanayam, ipinaliwanag sa mga respondente ang layunin ng pananaliksik. Tiniyak sa mga respondente na maaari silang tumanggi sa pagsagot ng mga tanong kung hindi nila gusto at maaari rin silang huminto sa panayam anumang oras. Naipaliwanag rin sa kanila na boluntaryo ang paglahok nila sa panayam (Fraenkel at Wallen 465-468). Isa hanggang dalawang oras ang panahong ginugol sa pakikipanayam.

Pagsusuri ng Datos. Tiniyak ng mga mananaliksik ang kawastuhan ng transkripsyon sa pamamagitan ng corrective listening (Flick et al. 616). Pinasuri ang transkripsyon sa mga respondente para sa anumang pagwawasto. Mula sa transkripsyon, sinuri ng mga mananaliksik ang mga mahahalagang pahayag at pinagsasama-sama ang magkakatulad upang makabuo ng kaukulang tema (Patton 201-205).

Ginamit ang frequency counts, weighted mean at pagraranggo para sa panunuri sa mga salik sa pagpapatupad ng inklusibong wika. Binigyan ng

interpretasyon ang pagraranggo. Sa huli, tinaya naman ng mga mananaliksik ang mga magkakaugnay na mungkahing ibinigay ng mga respondente tungkol sa pamantayan sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino tungo sa pagkakaroon ng inklusibong edukasyon.

Resulta at Diskusyon

Nahahati sa tatlong bahagi ang pagtalakay sa resulta ng pananaliksik batay sa inilahad na mga layunin ng pag-aaral: paggamit at paraan ng mga guro ng inklusibong wika sa Filipino; mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino; at mungkahing pamantayan sa epektibong paggamit at pagpapatupad ng inklusibong wika tungo sa ganap na inklusibong edukasyon.

Binigyang-pansin ang antas ng kadalasan ng paggamit ng mga guro sa inklusibong wika na nailahad sa Talahanayan 1.

Talahanayan 1: Dalas ng Paggamit ng Inklusibong Wika sa Filipino

Tradisyunal	Mga Inklusibong wika sa Filipino sa Inklusibong Edukasyon	WM	I	R
1. Bulag	taong may kapansanan sa paningin	2.94	MsG	1
2. Pipi	taong may kapansanan sa pananalita	2.88	MsG	2.5
3. Bingi	taong may kapansanan sa pandinig	2.88	MsG	2.5
4. Lumpo	taong may kapansanang maglakad	2.31	MnG	7.5
5. Pilay	taong may kapansanan sa paglalakad	2.44	MnG	5
6. Bobo	taong may kahinaan sa pag-unawa	2.50	MsG	4
7. Tanga	taong may kakulangan sa pag-unawa	2.25	MnG	9
8. Pangit	taong hindi kagandahan	2.31	MnG	5
9. Tamad	taong hindi produktibo	2.06	MnG	12.5
10. Matanda	taong may edad	2.19	MnG	10
11. Mataba	taong malusog	2.38	MnG	6
12. Payatot	taong balingkinitin	2.13	MnG	11
13. Duling	taong may kapansanan sa paningin (cross-eyed)	2.16	MnG	12.5
14. Sakang	taong may pagitan ang hita sa paglalakad	1.56	HG	14.5
15. Piki	taong nagkakasundo ang mga tuhod sa paglalakad	1.56	HG	14.5
	Kabuuan	2.3	MnG	

- 3.25 – 4.00 – Palaging Ginagamit (PG)
- 2.50 – 3.24 – Madalas na Ginagamit (MsG)
- 1.75 – 2.49 – Madalang na Ginagamit (MnG)
- 1.00 – 1.74 – Hindi Ginagamit (HG)

HASAAN

Nangunguna ang “taong may kapansanan sa paningin” (2.94) habang ang “taong may kapansanan sa pananalita” at ang “taong may kapansanan sa pandinig” ay pumapangalawa (2.88) at pang-apat ang “taong may kahinaan sa pag-unawa” (2.50). Mahihinuhang ang nakakuha ng mataas na ranggo na madalas na ginagamitan ng inklusibong wika ay ang mga nakakasagabal sa proseso ng pagkatuto. Samantala, nahuhuli ang “taong may pagitan ang hita sa paglalakad” at “taong nagkakasundo ang mga tuhod sa paglalakad” (1.56) na may interpretasyong Hindi Ginagamit (HG). Ipinahihiwatig nito na hindi naging suliranin sa klasrum ang mga taong may kapansanan sa paglalakad kaya hindi gaanong pinapansin ng mga guro ang kanilang kapansanan. Maiuugnay ang resulta ng talahanayan sa tatlong mahahalagang temang lumabas mula sa pakikipanayam sa respondente.

Paggamit ng mga inklusibong pahayag ukol sa pisikal na katangian. Marami sa mga respondente ang nagsabi na ang mga salitang tumutukoy sa kapansanang pisikal ang lantarang kakikitaan ng paggamit nila ng inklusibong wika. Makikita ito sa ilang pahayag ng mga respondente:

“Ang kadalasan kong ginagamit na inklusibong wika sa Filipino ay ang mga salita tulad ng ‘taong may kapansanan sa paningin’, ‘taong may kapansanan sa pandinig’, ‘taong may kapansanan sa pananalita.’”

Kadalasan, ang mga kapansanan ang pinakaunang napapansin ng mga guro ngunit, mas minamabuti nilang gumamit ng mga salitang nagbibigay-pansin sa kanilang katauhan bago ang kanilang kapansanan. Mula noong naitatag ang opisina ng Inklusibong Edukasyon sa pamantasan, naging daan ito sa pagtanggap sa paaralan ng mga mag-aaral na may kapansanan sa paningin, pandinig at iba pa. Ito ang dahilan kung bakit nalalantad ang mga guro sa naturang mga kapansanan at nasasanay na rin sila sa madalas na paggamit ng mga salitang may kaugnayan dito. Ang paggamit nila ng mga inklusibong wika ay isa ring paraan upang mas aktibong makibahagi ang mga may kapansanan sa klase.

Paggamit ng mga inklusibong pahayag ukol sa abilidad ng mag-aaral. Ayon sa mga guro, binibigyan rin nila ng pansin ang mental na kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang akademikong pagganap sa klase. Ilan sa mga halimbawa na binanggit nito ay ang paggamit ng salitang ‘taong may kahinaan sa pag-unawa’ sa halip na ‘bobo’, ‘taong may kakulangan sa pag-unawa’ sa halip na ‘tanga’ at ‘taong hindi produktibo’ sa halip na ‘tamad.’ Ayon sa isang respondente, “ang paggamit ko ng pahayag na ‘taong may kahinaan sa pag-unawa’ kahit papaano ay nakakabawas ng mabigat na dating sa mga mag-aaral’.

Dagdag pa ng karamihan, hindi maikakailang may mga mag-aaral na hindi nakauunawa sa paliwanag o kaya'y bumabagsak sa klase kaya minamabuti nilang gamitin ang mga pahayag na hindi lubos na nakapagpapababa ng paningin ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan.

Paggamit ng mga salitang kaugnay ng rehiyonalismo. Ayon sa mga respondente, kadalasang ginagamit nila ang inklusibong wika sa Filipino upang hikayatin ang pagtanggap sa anumang uri at etnikong pangkat: 'Hindi ko ginagamit ang mga salitang 'barriotic' dahil alam kong nakakasakit ito lalo na sa mga mag-aaral na galing sa probinsiya.' Sa pananaw rin ng isang respondente, 'Dahil ang rehiyong Cordillera ay isang multilinggwal at multikultural na rehiyon, kadalasan ang mga galing sa mga liblib na pook ang binabansagan ng mga salitang minsan ay hindi katanggap-tanggap.' Para sa ibang respondente, ang pagiging multilinggwal at multikultural ng rehiyong Cordillera ay nakabubuti sa pagsusulong ng inklusibong wika. May nagsabing, 'dahil ako ay isang Cordilleran, hindi isyu sa akin ang pagkakaroon ng maraming wika at maraming kultura, bagkus ito ay isang bentahe para sa bawat mag-aaral upang respetuhin ang kultura at paniniwala ng ibang tao.' Sang-ayon din ang ilang respondente sa paniniwalang ang mga guro at mag-aaral na lantad sa maraming wika at kultura ay may positibong pananaw sa pagtanggap ng pagkakaiba-iba dahil nararanasan nila ang kanilang kaibahan. Isa pang maaaring kahulugan nito ang katotohanang hindi naging suliranin sa loob at sa labas ng klasrum ang mga taong kabilang sa iba't ibang pangkat etniko dahil hindi naman gaanong nakaapekto sa kanilang pagkatuto ang kanilang lahi. Kung gayon, hindi na nila kailangang gumamit pa ng inklusibong wika upang tukuyin ang naturang sitwasyon. Sa kabuuan, gumagamit ang mga guro ng inklusibong wika sa Filipino sa kanilang pagtuturo at komunikasyon. Ngunit, hindi nila madalas ginagamit ang mga pahayag na ito. Nangangahulugan itong kahit may alam sila sa pilosopiya ng inklusibong edukasyon ay hindi pa gaanong naipapamalas sa paggamit nila ng inklusibong wika. Ayon din sa resulta ng pag-aaral, ang pagbibigay halaga sa katauhan bago ang kanilang kakulangan o kakayahan ang saligan ng paraan ng paggamit ng mga respondente ng inklusibong wika sa Filipino. Sumasang-ayon ito sa isang mahalagang kaisipang nakapaloob sa konsepto ng inklusibong edukasyon na igalang ang isang tao sa pamamagitan ng pagtukoy muna sa kanya bilang isang tao bago isunod kung ano man ang kanyang kapansanan, kahinaan at kakulangan (Johnson 72-74). Sa ganito rin umiikot ang naging ideya nina Thorsen at Becker (1-10) sa kanilang pagtingin na ang mga salitang pinipiling gamitin ay may malaking epekto sa pagtrato sa isang indibidwal. Likas na sa isang taong magkaroon ng hangaring igalang ng kapwa. Bawat isa ay

HASAAN

naghahangad na tanggapin ng lipunang kanyang kinabibilangan. Kaugnay rin ito ng usapin ng multikultural na edukasyon kung saan ang pangunahing layunin ay ang pagpahahalaga sa edukasyon at ang tagumpay ng bawat mag-aaral lalo na sa mga hindi masyadong pinapansin o sa mga taong napapabilang sa mga etnikong pangkat at ang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapagkamit ng edukasyon (sipi ni Espique kay Nieto 55-59).

Mga Salik na sa Paggamit ng mga Inklusibong Wika sa Filipino

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng mga inklusibong wika sa Filipino sa inklusibong edukasyon.

Nilalaman	WM	I	R
<i>Salik para sa mga Mag-aaral</i>			
1. Kinagisnang kultura at relihiyon	2.87	LN	1
2. Kalakasan at kahinaan sa paggamit ng wika	2.68	LN	4
3. Kawilihan o interes sa kanilang pagkatuto	2.62	LN	7
4. Paraan ng pakikisalamuha sa kanyang kapwa	2.56	LN	8
5. Kawalan ng partisipasyon sa akademikong gawain	2.68	LN	4
6. Pagkakaiba-iba ng kasarian	1.87	BN	20
7. Pagkakaiba-iba ng talino	2.5	LN	11
8. Antas ng pamumuhay	1.93	BN	19
9. Taglay na kakayahan at talento	2.31	BN	15.5
10. Pagkakaiba-iba sa estilo ng pagkatuto	2.37	BN	13
11. Sariling paraan ng pagpapahayag ng mga kaisipan o ideya	2.25	BN	17
12. Unang wika na ginagamit ng mga mag-aaral	2.37	BN	13
13. Pagkakaiba-iba ng wika ng mga mag-aaral	2.37	BN	13
14. Hindi angkop na paggamit ng mga salita ng mga mag-aaral	2.68	LN	4
15. Pagkakaiba-iba ng edad	2.06	BN	18
<i>Salik para sa Guro</i>			
16. Kaalaman sa inklusibong edukasyon	2.68	LN	4
17. Pagpapahalaga sa inklusibong edukasyon	2.68	LN	4
18. Kalikasan ng asignaturang itinuturo	2.31	BN	15.5
19. Pagdalo sa mga palihan sa inklusibong edukasyon	2.56	BN	9
20. Pagdalo sa mga seminar tungkol sa inklusibong edukasyon	2.56	BN	9
Kabuuan	2.45	BN	

- 3.25 – 4.00 – Lubos na Lubos na Nakaaapekto (LLN)
- 2.50 – 3.24 – Lubos na Nakaaapekto (LN)
- 1.75 – 2.49 – Bahagyang Nakaaapekto (BN)
- 1.00 – 1.74 – Hindi Nakaaapekto (HN)

Batay sa talahanayan, isinasaalang-alang ng mga respondente ang salik na kultura at relihiyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga inklusibong wika. Gaya ng nabanggit, ang syudad ng Baguio ay isang multilinggwal at multikultural na komunidad kaya mahalaga sa mga guro na bigyang-pansin ang salik ng pagkakaibang ito sa mga mag-aaral upang gamitin at maiangkop nila ang mga terminong kanilang ginagamit sa kultura at relihiyon ng mga mag-aaral.

Mapapansin din sa mga salik na mas marami ang nakapokus sa pagganap ng mga mag-aaral sa loob ng klase gaya ng kanilang kalakasan at kahinaan, kawalan ng partisipasyong akademiko at ang kanilang pakikisalamuha sa kanilang kapwa mag-aaral. Mahalaga kung gayon ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase gayundin ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa mag-aaral at ng kanilang guro upang ganap na maisakatuparan ang paggamit ng inklusibong wika sa edukasyon.

Holistikong pagkatuto ang pinakalayunin ng edukasyon kaya para sa mga guro, kailangan nilang bigyan ng pansin ang iba't ibang katangian at kalikasan ng kanilang mga mag-aaral upang maiangkop nila ang paggamit nila ng inklusibong wika sa proseso ng kanilang pagtuturo. Sinasang-ayunan din ito ng aspektong pangguro na makikita sa mga pahayag na ang kaalaman ng mga guro sa konsepto ng inklusibong edukasyon gayundin ang kanilang pagpapahalaga rito ay mapapansing mahalagang salik sa pagsasakatuparan ng inklusibong wika.

Samantala, nahuhuli sa lahat ng salik ang pagkakaiba-iba ng kasarian ng mga mag-aaral (1.88). Ipinahihiwatig nito na hindi gaanong suliranin sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino ang pagkakaiba-iba ng kasarian. Maiuugnay ito sa nabanggit na sa wikang Filipino, mas patas ang pagtingin o paggamit ng inklusibong wikang kaugnay ng kasarian dahil hindi nakikita ang tahasang pagkakaiba ng mga ito kumpara sa ibang wika tulad ng Ingles.

Makikita sa kabuuan ang resulta ng weighted mean na 2.41 na may interpretasyong Bahagyang Nakaaapekto (BN) ang mga inihanay na salik. Ayon sa mga respondente, bahagya ito dahil hindi pa masyadong malay ang mga guro na may ipinatupad na inklusibong edukasyon dito sa Pilipinas.

Ang pangunahing salik na nakaaapekto sa paggamit ng inklusibong wika sa Filipino ay ang iba't ibang kinagisnang kultura at relihiyon ng bawat mag-aaral, ang kalakasan at kahinaan ng isang mag-aaral sa paggamit ng wika, kawalan ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa akademikong gawain ang hindi angkop na paggamit ng mga salita ng mga mag-aaral, ang kawilihan o interes ng mga

HASAAN

mag-aaral at pagpapahalaga ng guro sa inklusibong edukasyon. Ang resultang ito ay sang-ayon sa mga naunang pag-aaral, habang ang wika ay nagpapakita ng realidad, may bisa rin ang wika sa realidad (Department of Education of Tasmania 1-10). Matagal nang usapin ang tungkol sa kultura na tumutukoy sa magkakahalang kabuuan kasama ang mga kaalaman, paniniwala, sining, moralidad, batas, kaugalian at iba pang kakayahan at kinasanayan ng tao bilang kasapi ng pamayanan. Napakahalagang bahagi nito, na bubuo sa pagkatao ng isang indibidwal kung kaya't nararapat lamang na isaalang-alang ng guro sa pagtuturo upang maging kapaki-pakinabang at makatotohanan ang pagkatuto.

Mahalaga ring usapin ang mga salik na may kaugnayan sa mga mag-aaral kung saan nakita ang kawalan ng interes ng mag-aaral at ang hindi paggamit ng mag-aaral ng angkop na salita. May kaugnayan ito sa tamang motibasyon. Dahil dito, kailangang isaalang-alang din ng guro ang pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga estratehiya hindi lamang sa pagtuturo at sa paggamit ng wika. Sa bahagi ng wika, salik rin kung una o pangalawang wika ng isang bata ang ginagamit sa pagkatuto. Malaki ang nagagawa ng unang wika sa paglinang ng tiwala at kagalingan ng mga mag-aaral (Malone 1-7). Sinasabi rin na ang mga suliraning kaugnay sa pag-aalinlangan at pagkakamali ng isang mag-aaral na magpahayag hinggil sa isang mahalagang usapin ay mababawasan kung bihasa siya sa wikang kanyang ginagamit sa pagpapahayag.

Dagdag pa, mahalaga rin ang kaalaman at pagpapahalaga sa usapin ng inklusibong edukasyon ng mga guro. Ang pagkakaroon ng asignatura, ng Institute of Inclusive Education, seminar hinggil sa inklusibong edukasyon sa paaralan ng edukasyong pangguro at ang mismong pagiging bahagi nito sa bisyon at misyon ng pamantasan ay nakatutulong sa pagkamulat ng mga guro.

Mungkahing Pamantayan sa Pagpapatupad ng Inklusibong Wika sa Filipino Tungo sa Inklusibong edukasyon

Mahalaga ang papel ng wika sa pagtatamo ng inklusibong edukasyon kaya nararapat na magkaroon din ng malinaw na tuntunin kaugnay ng paggamit at pagpapatupad ng inklusibong wika dahil nakasisira ang mga wikang diskriminatori sa iba at sa kanilang trabaho at pagkatuto (Department of Education of Tasmania 1-10).

Ang paglikha ng pamantayan ay humihimok sa mga mag-aaral na aktibong pag-isipang mabuti ang wikang kanilang ginagamit. Kaugnay nito, hindi matatawaran ang kahalagahan ng paggamit ng inklusibong wika sa Filipino ng mga guro ng inklusibong edukasyon para sa mas malawakang pagkatuto ng

mag-aaral. Narito ang buod ng mga pamantayang iminungkahi ng mga guro:

1. Kailangan ang aktibong pagdalo ng mga guro sa mga pagsasanay ukol sa inklusibong edukasyon gaya ng ibinibigay ng Paaralan ng Edukasyong Pangguro ukol sa tamang pagpapadalo ng isang inklusibong klase.

2. Maging malikhain ang mga guro sa kanilang pagtuturo bilang tulong sa pagpapatupad ng inklusibong wika upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa proseso ng kanilang pagkatuto.

3. Kilalanin ang kultura at komunidad dahil may malaki itong papel na ginagampanan sa paggamit ng isang tao sa wika. Sa pamamagitan nito ay kinikilala ang pagkakaiba-iba ng bawat isa.

4. Maging maalam sa paggamit ng wika at kalikasan nito. Sa ganitong paraan ay maiiwasan ang paggamit ng wika sa anyong nakasasakit ng damdamin.

Mapapansin sa naitalang mungkahi ang iba't ibang aspekto na isinasalang-alang upang ganap na maipatupad ang paggamit ng inklusibong wika sa Filipino. Kung susuriin ang mga pahayag, binigyang-pansin ng mga guro ang lahat ng domeyn ng pagkatuto tulad ng kaalaman, pagpapahalaga at pagsasagawa. Ayon sa mga guro, hindi lamang sapat na magkaroon sila ng kaalaman hinggil sa inklusibong wika sa pamamagitan ng pagsasanay at pag-alam sa tungkulin ng wika, kundi mahalaga rin ang pagpapahalaga at ang aktibong pagpapatupad nito.

Sa mga pamantayang nabuo, maipapaloob ang mahahalagang konseptong unibersal na tinatanggap ng nakararami, anumang lahi, relihiyon, kasarian, kalagayan sa buhay, antas ng edukasyong natamo, paniniwala at iba pa. Bagaman may mga pamantayan nang nalathala ay mainam ding tingnan ang mga tiyak na pamantayan na malilintang mula sa mga kasagutan ng mga naging kasangkot sa pag-aaral lalo pa at mga guro ang nagsilbing respondente; hindi maikakailang ang kanilang karanasan at sariling pananaw ay may malaking epekto sa mga mag-aaral.

Konklusyon

Malaki ang papel na ginagampanan ng paggamit ng inklusibong wika sa pagkakaroon ng inklusibong edukasyon. Magkaugnay ang wika at edukasyon, kaya kung magagamit ang mga inklusibong wikang ito sa angkop na sitwasyon, matatamo ang tunguhin ng inklusibong edukasyon.

Kailangang isalang-alang ang mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng mga inklusibong wika upang mabigyan ng kaukulang pansin ng mga guro



ang angkop na paggamit nito. Batay sa resulta ng pag-aaral, hindi madalas na gumagamit ang mga guro ng inklusibong wika sa Filipino. Kung gayon, mahalagang bigyang-pansin ang iba't ibang paraan kung paano nila malalaman ang angkop na mga inklusibong wikang nararapat gamitin sa mga mag-aaral.

Ang ganap na pagpapatupad ng inklusibong wika sa pagtatamo ng inklusibong edukasyon ay magbubunga ng makabuluhang epekto sa iba't ibang aspekto tulad ng kaaya-ayang kalagayan sa klase na nagdudulot ng epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa usapin ng inklusibong wika sa Filipino, lalong kailangang bigyang-halaga ang iba't ibang wika ng bansa upang makatulong sa pagbuo at pagkakatag ng wikang pambansa na naiintindihan at natatanggap ng lahat. Ang pagkilala at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat isa sa lahat ng aspekto ang magpapaigting sa kamalayan ng bawat mag-aaral. Ang kamalayang ito ang maghuhubog sa kanila tungo sa mas malawak na edukasyon at mas magalang na pakikipamuhay.

Mga Sanggunian

- Al-Zyoudi, Mohammed. "Teachers' Attitudes Towards Inclusive Education in Jordan Schools." *International Journal of Special Education* 1.2 (2006): 4. Nakalimbag.
- Angelides, Panayiotis. "Patterns of Inclusive Education Through the Practice of Student Teachers." *International Journal of Inclusive Education* 12. 3 . (2008): 310-327. Nakalimbag.
- Avramidis, Elias. at Norwich, Brahm. "Teachers Attitudes Towards Integration/Inclusion: A Review of the Literature," *European Journal of Special Needs Education* 17.2 (2002): 130. Nakalimbag.
- Barton, Michelle. L. "Teachers' Opinion on the Implementation and Effects of Mainstreaming." *ERIC Database*. 13, Pebrero 1997. Web. 21 Setyembre, 2013.
- Booth, Tony at Ainscow, Mel. *Index of Inclusion: Developing Learning and Participation In Schools*. Bristol: Centre for Studies on Inclusive Education (CSIE). 21, Pebrero 1998. Web. 28 Agosto, 2013.
- Booth, Tony at Dyssegaard, Birgit. *Quality is not Enough, The Contribution of Inclusive Values to the Development of Education For All*. Copenhagen, Danida. 6, Octubre 2008. Web. 18 Hunyo, 2013.
- Corpuz, Brenda at Lucas, Maria Rita. *Facilitating Learning: A Metacognitive Process*. Quezon City: Lorimar Publishing Inc., 2007. Nakalimbag.
- Department of Education of Tasmania. "Guidelines for the Use of Non-discriminatory Language" *Language Matters*. 23, Marso 2008. Web. 17 Enero, 2012.
- Espique, Felina., et al. "Training Student Teachers toward Multiculturalism". Baguio City: *Saint Louis University Research Journal*. 40.2. (2009): 55-59. Nakalimbag.
- Flick, Uwi., et al. *A Companion to Qualitative Research*. Translated by Bryan Jenner. London: Sage Publications Ltd. 2004. Nakalimbag.
- Fraenkel, Jack. at Wallen, Norman. *How to Design and Evaluate Research in Education* (6th Ed.) New York: Mac Graw Hill Co., 2006. Nakalimbag.

- Forlin, Chris. "Inclusion: Identifying Potential Stressors for Regular Teachers." *Educational Research*, 43.3 (2001). 235-45. Nakalimbag.
- Garcia, Lakandupil. et al. *Tinig: Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Malabon: Jimcyville Publications, 2011. Nakalimbag.
- Handesty, Nancy. *Inclusive Language in the Church*. Atlanta Georgia. John Knox Press, 1987. Nakalimbag.
- Jacobs, Richard. "Educational Research." 16, Abril 1983. Web. 20 Nobyembre, 2013.
- Johnson, Genevieve. "Inclusive Education: Fundamental Instructional Strategies and Considerations. Preventing school failure." *Taylor and Francis* 72 (1999): 72-78 Nakalimbag.
- Ketley, Catherine. *Proponents of Theories of Inclusive Education*. 16, Marso, 2007. Web. 15 Hunyo, 2011.
- Malone, Susan. *Developing Teaching at Learning Materials For MT-Based Multilingual Education*. SIL: Bangkok, Thailand, 2007. Nakalimbag.
- Nixon, Jon. "Education for the good society: The Integrity of Academic Practice." *London Review of Education* 2:3 (2004): 246-50. Nakalimbag.
- Parks, Janet. B. at Robertson, Maryann. "Attitudes Toward Women Mediate the Gender Effect on Attitudes Toward Sexist Language." *Psychology of Women Quarterly* 28 (2004): 233-39. Nakalimbag.
- Patton, Michael Quin. *Qualitative Evaluation and Research Methods* (2nd ed.). CA: Sage, 10, Mayo 1990. Web. 2 Setyembre, 2013
- Sharma, Umesh, Forlin, Chris, at Loreman, Tim. "Impact of Training on Pre-Service Teachers' Attitudes and Concerns About Inclusive Education and Sentiments About Persons with Disabilities." *Disability and Society* 23.7 (2008): 773- 74. Nakalimbag.
- Sharma, Umesh, Forlin Chris, Loreman Tim, at Earle C. "Pre-Service Teachers' Attitudes, Concerns, and Sentiments About Inclusive Education: An International Comparison of Novice Pre-Service Teachers." *International Journal of Special Education* 21.2 (2006) 80- 84. Nakalimbag.
- Theoharis, George. et al. "Teaching Pre-Service Teachers to Design Inclusive Instruction: A Lesson Planning Template." *International Journal of Inclusive Education* 12 (2008). 381-399. Nakalimbag.
- Thorsen, Don at Becker, Vivian. *Inclusive Handbook: A Practical Guide to Using Inclusive Language*. 31 Enero, 2006. Web. 24 Agosto 2012.
- Ulep, Lilian. "Inclusive Education in the Elementary level, Division of Benguet." M.A. Thesis. University of the Cordilleras, Baguio City, 2006. Nakalimbag.
- UNESCO. "Education Sector Technical Notes: Inclusive Education." 8, Hunyo, 2013. Web. 23 Nobyembre, 2013.